Education
Public Schools






## IMPORMASYON UKOL SA KALIGTASAN NG KALSADA

**IKAW AY RESPONSABLE PARA SA KALIGTASAN NG INYONG MGA ANAK KAPAG SILA AY NAGLALAKBAY PAPUNTA AT MULA SA PAARALAN.**

# Ligtas na paglalakbay gamit ang bus

Ang isang bata ay lubhang nanganganib na mapinsala pagkababang-pagkababa niya ng bus.

**Upang mabawasan ang panganib:**

- hintayin ang inyong mga anak sa hintayan ng bus – hindi sa kabilang panig ng kalsada
- hawakan ang mga kamay ng inyong mga anak sa hintayan ng bus
- tumayo ng ilang hakbang mula sa gilid ng kalsada kapag nag-aabang sa hintayan ng bus
- hintaying nakaalis na ang bus, pagkatapos ay pumili ng ligtas na lugar upang makatawid ng kalsada.

**Tulungan ang inyong mga anak na hanapin ang isang ligtas na lugar upang makatawid tulad ng:**

- sa tawiran ng mga taong naglalakad o mga ilaw pangtrapiko, kung mayroon
- isang maluwag na bahagi ng daan kung saan sila ay makikita sa lahat ng trapiko.

Kung hindi ka makakasama ng iyong mga anak, makisuyo sa isang pinagkakatiwalaang nakatatanda na salubungin sila sa hintayan ng bus.




**Para sa karagdagang suporta**

Pumunta sa programa ng kagawaran na Edukasyon sa Kaligtasan sa Kalsada https://education.nsw.gov.au/road-safety-education o bisitahin ang https://education.nsw.gov.au at hanapin ang edukasyon sa kaligtasan sa kalsada.